

**Administratibong Katulong sa Tanggapang Medikal – Gusaling John Marshall** *Pang-unang kailangan\*: Kredito sa Siyensiya o Matematika mula sa ibang paaralan; kredito ng kolehiyo sa libreng Paghahanda sa Teknolohiya; mga sertipikasyon ng industriya; karagdagang bayarin\*\**

Ang Administratibong Katulong sa Tanggapang Medikal (AMO) ay isang patuloy ang paglaki na propesyon na may kaugnayan sa kalusugan. Ang mga espesyalistang ito ay tinutulungan ang mga magkakaugnay na propesyonal sa kalusugan sa pamamagitan ng pagkumpleto ng kailangan na impormasyon ng klerk, iniinom ng pasyente, mga talang elektroniko, gamit ang medikal na kasangkapan pang tanggapan, at bilang superbisitor ng mga kawani. Sa sandaling makumpleto ang pagsasanay sa Magkakaugnay na Kalusugan, magagamit ito sa madaling pagkuha ng trabaho na may probabilidad na pangmatagalang trabaho.

**Siyensiya sa Kalawakan at Teknolohiya: Paggawa ng mga Bagay – Mataas na Paaralang Rainier Beach** *Walang pang-unang kailangan; Kredito sa Matematika mula sa ibang paaralan; kredito ng kolehiyo sa libreng Paghahanda sa Teknolohiya; mga sertipikasyon ng industriya*

Ang Seattle ay tahanan ng pinakamalaki sa mundo na kumpanya ng eroplano at sa marami nitong industriya na sumusuporta. Umpisahan ang iyong karera at pagtanggap ng kolehiyo sa pamamagitan ng pag-aaral kung paano bumuo, magserbisyo at mag-ayos ng eroplano at mga bahagi ng eroplano. Matuto ng kaligtasan, pagkilala ng mga kasangkapan at paggamit ng tama, pagkakabit ng pangkandado, pagbutas ng aluminyo at titanium na mga metal, at magtamo ng karanasan sa industriya at kredito para sa kolehiyo

**Teknolohiya sa Sasakyan – Titiyakin pa ang Paglalagyan** *Walang Pang-unang kailangan; Walang kredito mula sa ibang kolehiyo; kredito ng kolehiyo sa libreng Paghahanda sa Teknolohiya; mga sertipikasyon ng industriya*

Interesado ka ba sa personal na direktang pag-aaral na klase na kinakailangan ang kritikal na pag-iisip gayundin sa pagkagusto sa industriya ng sasakyan? Magkaroon ng matibay na pundasyon sa teknolohiya ng sasakyan at mga kasanayan para magkaroon ng kapaki-pakinabang na hanapbuhay. Matututo ka ng tungkol sa sistema ng preno, pagmamantine, at ibang mga sistema na gumagana sa loob ng behikulo. Magkamit ng sertipiko na tumutugon sa mga pangangailangan ng industriya. Ang kredito sa kolehiyo ay maaaring makuha sa programang ito.

**Mga Trabaho na Pang-Konstruksiyon – Mataas na Paaralang Rainier Beach** *Walang pang-unang kailangan; walang kredito mula sa ibang paaralan; mga sertipikasyon ng industriya*

Ang programang ito ay nagbibigay ng karanasan sa mga trabahong kailangan ang kasanayan sa pamamagitan ng pag-aaral sa silid-aralan at personal na paggawa ng proyekto sa konstruksiyon tulad ng mga maliit na bahay para sa mga walang tirahan. Ang mga trabahong kailangan ang kasanayan ay kinabibilangan ng mga trabaho na katulad ng karpintero, tubero, elektresista, pintor, at marami pa. Ang lahat na bahagi ng pagtatayo ng gusali ay saklaw. Pagkatapos makumpleto ang kursong ito, ang mga mag-aaral ay may pagkakataon na sumali sa isang programang bago mag sanay. Pagkatapos ng haikul, ang mga mag-aaral ay may pagkakataon na diretsong makapasok sa isang pagsasanay.

**Sining ng Pagluluto – Mataas na Paaralang Rainier Beach** *Mga pang-unang kailangan\*: walang kredito mula sa ibang paaralan; mga sertipikasyon ng industriya; karagdagang mga bayarin\*\**

Ang mabuting pagtanggap sa mga bisita ay isa sa mga mabilis na umuunlad na paksa sa purok ng Seattle. Sumali sa isang nakatutuwang, nangangailangan ng sipag, propesyonal na klase sa pagluluto at naghahanda para sa mga karera na tumatanggap ng kontrata sa pagpapakin, nagpapatakbo ng restoran, gumagawa ng keyk at ibang industriya ng serbisyo sa pagkain. Ang abanteng pagsasanay ay kinabibilangan ng paghahanda ng pagkain, sining ng pagluluto at pagtatanghal ng pagkain, kaligtasan, kalinisan, paghanap ng trabaho, kasanayan sa karera kasama ang pagtanggap ng kontrata sa pagpapakin, at paghahanda para sa edukasyon ng industriya.

**Digital na Pagbibigay Buhay: Pagdisenyo ng Laro – AIE sa Seattle Center** *Mga pang-unang kailangan\*: Kredito sa Fine Arts mula sa ibang paaralan; Kredito sa Kolehiyo; mga sertipikasyon ng industriya*

Gumawa ng pagbibigay buhay at mga laro! Matuto ng pagdibuho at paggawa ng istorya sa 2D na pagbibigay buhay at konsepto ng 3D, matuto ng kasanayan na kailangan para sa karera ng pagbibigay buhay at paglalaro na industriya. Ang Academy of Interactive Entertainment (AIE) ay isang nangungunang tagapagturo ng Pagpapaulnag ng Laro sa Kompyuter at 3D digital medya. Ang kolehiyong ito ay pinakasikat sa 3D na pagbibigay buhay, pagdisenyo ng laro at biswal FX. Ang kursong ito ay isang magandang paghahanda para sa kolehiyo at karera.

**Digital na Pagbibigay Buhay: Paggawa ng Programa ng Laro – AIE sa Seattle Center** *Mga pang-unang kailangan\*: Kredito sa matematika mula sa ibang paaralan; kredito sa kolehiyo; mga sertipikasyon ng industriya*

Ang kursong ito ay nakapokus sa software, hardware at mga kagamitan na gamit sa paggawa ng mga larong bidyo! Ang mga mag-aaral ay natutulong gumawa bilang tagabuo ng software na may espesyal na karunungan sa paggawa ng programa ng laro at mga grapiko sa kompyuter. Ang mga mag-aaral ay magsasanay din ng mga konsepto mula sa algebra, geometry, at trigonometry dahil sa nagagamit ang mga ito sa magkakaugnay na aplikasyon ng kompyuter. Ang kursong ito ay maaaring magamit kapwa ng nagsisimula pa lamang at ng may karanasan nang gumagawa ng programa. Ang Academy of Interactive Entertainment (AIE) ay isang nangungunang tagapagturo sa Paggawa ng Laro sa Kompyuter at digital midya na 3D.

**Pagpatay ng Sunog at Mga Serbisong Emerhensiyang Medikal – Mataas na Paaralang Rainier Beach** *Walang pang-unang kailangan; walang kredito mula sa ibang paaralan; mga sertipikasyon ng industriya*

Ang kursong ito ay inihahanda ang mga mag-aaral para sa mga karera bilang bumbero at ibang emerhensiyang serbisyo na mga karera. Ang kadete ay maaaring pangasiwaan ang sarili, ang iba, mga aktibidad o pagdiriwang na may pananagutan para sa isang positibong kahihinatnan; gamitin ang kasanayan na mamuno sa tunay na mundo, pamilya, pamayanan at paggamit sa negosyo/industriya; at masubok sa kanilang kakayahan na gumawa kasama ang mga kasama sa trabaho sa iba't-ibang paksa sa pamamagitan ng pagkumpleto ng pagsasanay at mga paghahanda sa napakataas na antas.

**Mga Siyensa sa Kalusugan/Katulong na Medikal – Gusaling John Marshall** *Mga pang-unang kailangan\*: Kredito sa Siyensiya o matematika mula sa ibang paaralan; mga sertipikasyon ng industriya; karagdagang bayarin\*\**

Pumasok na Katulong na Medikal, isang mabilis na paunlad na medikal na propesyon na bahagi ng Magkakaugnay sa Kalusugan at Siyensiya ng Kalusugan na karerang magkakasama. Ang mga mag-aaral ay magsasanay ng mga salita at kasanayan ng mga doktor at ibang propesyonal sa kalusugan, gamit ang sariling dunong na magbibigay daan sa mga hanapbuhay na pangangalaga sa kalusugan at medikal na katulong. Ang programa ay gumagamit ng National HOSA na mga proyekto sa pamumuno ng mag-aaral, modules, programa sa kompyuter, pamantayan ng industriya, kurikulum sa kolehiyo, at mga aktibidad batay sa problema sa paaralan at kalagayan ng industriya.

**Espesyalista sa Teknolohiya ng Impormasyon: Pagbabahagi ng Impormasyon Gamit ang Kompyuter – Mataas na Paaralang Rainier Beach** *Walang pang-unang kailangan; walang kredito mula sa ibang paaralan; mga sertipikasyon ng industriya*

Interesado ka ba na kumuha ng abanteng klase sa Teknolohiya ng Impormasyon habang nasa sa haikul pa? Humahanap ng paraan na makapagbayad para sa kolehiyo o magsimula ng isang karera sa IT? Kursong Information Communications Technology (ICT) sa Cisco CCNA at Microsoft Technology Associate (MTA) ay magiging daan sa sertipikasyon ng industriya. Ito ay isang malaking hakbang para sa iyong hinaharap. Matuto ng PC hardware, software, at networking operating na mga sistema. Magtamo ng sertipikasyon ng industriya at kredito sa kolehiyo.

**Pagpapalakad ng Maritima: Transportasyon at Lohistika – Seattle Maritime Academy sa Ballard** *Walang pang-unang kailangan; walang kredito mula sa ibang paaralan; sertipikasyon ng industriya*

Matuto kung paano magtrabaho sa mga barko sa Puget Sound! Ang kursong ito ay nagsasama ang moderno at pinagkaugalian na sa pagiging marino at kasanayan sa kubyerta ng barko na may pagsasanay sa pangangalaga ng makina at pagkumpuni. Matuto kung paano magtrabaho sa mga pangisdang barko, maliit na barkong pantawid, barkong pangkargamento at marami pa! Umunlad sa mahalagang kasanayan sa nabigasyon, pagkate, agos ng tubig, pagmaneho ng barko, pagbubuhol ng lubid, kaligtasan, komunikasyon, radar, siyensiya ng panahon at kapaligiran, paggamit ng kasangkapan, pangangalaga at pagkumpuni ng makina. Maghanda para sa trabaho sa tag-init at karagdagang pagsasanay pagkatapos ng haikul na maaaring magresulta ng sertipikasyon sa Coast Guard.

**Siyensiya ng Maritima at Teknolohiya: Paggawa ng mga Bagay – Mataas na Paaralang Rainier Beach** *Walang pang-unang kailangan; Kredito sa matematika mula sa ibang paaralan; mga sertipikasyon ng industriya*

Ang Seattle ay napapaligiran ng tubig at mga karera sa paggawa sa industriya ng maritima. Maghanda para sa kolehiyo, karera sa paggawa sa maritima. Matuto ng kaligtasan, pagkilala ng mga kagamitan at tamang paggamit, pagkakabit ng pangkandado, pagbutas ng aluminyo at tetanyum na mga metal, paggamit ng mga materyales na kabuuan sa industriya ng maritima, at magtamo ng mahalagang kasanayan pangkolehiyo at karera. Ang heograpiya, kasanayan sa mapa, at pagbabapor ay lubhang kailangan din sa programang ito.

**Sining ng Midya: Paggawa ng Bidyo – Titiyakin pa ang Lugar** *Walang pang-unang kailangan; kredito sa Sining ng Arte mula sa ibang paaralan*

Sa kursong ito, ang mga mag-aaral ay makakakuha ng maraming iba't-ibang kasanayan sa paggawa ng bidyo at magsimulang magbuo ng sariling portpolyo ng Sining ng Midya. Ang mga mag-aaral ay matututo ng tungkol sa tatlong bahagi ng paggawa ng bidyo kasama ang pagsasa-ayos, pagsulat ng istorya, paglalagay ng disenyo, ilaw, trabaho sa kamera, paggawa ng audio, pagdidirektor at pagdisenyong grapiko.

**Katulong na Nars – Mataas na Paaralang West Seattle** *Mga pang-unang kailangan\*: Kredito sa siyensiya mula sa ibang paaralan; Kredito ng kolehiyo sa Libreng Paghahanda sa teknolohiya; sertipikasyon ng industriya; karagdagang bayarin\*\**

Ang pagsasanay sa pagka Katulong na Nars ay isang mabilis na daan sa post-secondary Health Sciences, at mga kaugnay na karera sa pagka Nars at sa madaling pagkakaroon ng trabaho sa isang mabilis na umuunlad na larangan ng trabahong nars. Ang pagiging nars ay kinikilalang isa sa punto ng pagpasok sa medikal na propesyon. Ang mga mag-aaral ay kailangan munang kumpletuhin ang 11 pambansang pamantayan sa pundasyon ng kalusugan, pagsusuli sa pangunahing kaalaman at kasanayan sa kanilang silid-aralan at lugar ng klinika, pagkatapos ang pagsusuli para sa lisensiya ng estado. Ang National HOSA na pamumuno, pag-aaral batay sa problema, at mga karanasan sa klinika ay nagbibigay ng oportunidad.

**Akademya sa Pagtuturo /Mga Karera sa Edukasyon – Mataas na Paaralang South Lake** *Walang pang-unang kailangan; walang kredito mula sa ibang paaralan; sertipikasyon ng industriya*

Ang malawak na kursong ito ay dadalhin ka sa isang paglalakbay ng pagsusuri sa mundo at gawain ng pagtuturo at sa larangan ng edukasyon. Sa pamamagitan ng aktibong personal na pag-aaral, ang kursong ito ay magbibigay ng pagkakataon na magkaroon ng karanasan na makapagtrabaho sa maraming edukasyonal na larangan at maghanda para sa tagumpay sa isang programa sa pagtuturo pagkatapos ng sekundarya na maaaring magbigay daan sa isang karera sa hinaharap sa loob nitong mataas ang pangangailangan na daan ng karera. Maaaring magbigay daan sa oportunidad na mga karera kasama ang pag-aalaga sa bata, katulong sa pagtuturo, guro, punong-guro at tagapayo ng paaralan.

**Paaralang ng Sentro ng Kasanayan sa Tag-init 2017**

Magkaroon ng .5 haikul na kredito ngayong tag-init. LIBRENG direktang personal na pag-aaral. Bukas sa lahat na mag-aaral ng SPS na papasok sa ika-9 – ika 12 grado. Tingnan ang skillscenter.seattleschools.org para sa marami pang impormasyon.

*\*Tingnan ang website o ang tagapayo para sa listahan ng mga pang-unang kailangan \*\*Mayroong Pinansiyal na tulong.*